


MAPEH (Arts)

Ikalawang Markahan – Modyul 3: Obrang Kakaiba! Di ba?



MAPEH (Arts) – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 3: Obrang Kakaiba! Di ba?
Ikalawang Edisyon, 2021

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Manunulat:	Jetchelle Ann M. Alkuino
Editors:	Eden Lynne V. Lopez, Mariel A. Alla, Shirley L. Godoy, Don Bernardo L. Gapasin
Tagasuri:	Frolomea Narra T. Tañiza, Jo-Ann C. Rapada, Shirley L. Godoy, Nestor A. Castaños, Jr.
Tagalapat:	Eden Lynne V. Lopez
Tagapamahala:	
	Ramir B. Uytico
	Arnulfo M. Balane
	Rosemarie M. Guino
	Joy B. Bihag
	Ryan R. Tiu
	Nova P. Jorge
	Raul D. Agban
	Lorelei B. Masias
	David E. Hermano, Jr.
	Shirley L. Godoy
	Eva D. Divino
	Jo-Ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____
Department of Education – Region VIII
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 832 - 2997
E-mail Address: region8@deped.gov

MAPEH (Arts)

**Ikalawang Markahan – Modyul 3:
Obrang Kakaiba! Di ba?**

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang mga tanyag na pintor ay maaring may pagkakapareho sa tema ng kanilang mga ipininta subalit may makikita tayong kaibahan dito sa pamamagitan ng iba't ibang istilo. Ang pagkakaiba-iba nila ay naging daan upang mas makilala sila at magkaron ng sariling tatak ang kanilang mga ipininta.

Sa araling ito, kinakailangang malaman ang kaibahan ng paraan sa pagpipinta upang magkaroon ng sariling pagkakakilanlan o tatak ang iginuhit na larawan. Matututunan din nating maipakita sa pamamagitan ng *powerpoint* o *collage* ang pagkakaiba sa mga obra ng mga Tanyag na Pintor (A5PL-IIId). Pagkatapos ng pag-aaral sa modyul na ito, inaasahan na:

- Nailalarawan ang pagkakaiba-iba ng obra ng mga tanyag na Pilipinong Pintor.
- Naipapakita sa pamamagitan ng powerpoint o collage ang pagkakaiba-iba ng obra ng mga tanyag na Pilipinong Pintor.
- Napahalalagan ang pagkakaiba-iba ng obra sa mga tanyag na Pilipinong Pintor sa pamamagitan ng pagsasabi ng pagkakaiba nila sa isa't isa.



Subukin

Panuto: Tingnang mabuti ang bawat larawan sa ibaba. Isulat ang pangalan ng pintor na gumawasa obra at ang istilo niyo na ginamit sa pagpinta. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Tingnan ang halimbawa sa ibaba.

Halimbawa: Planting Rice

Pangalan ng Pinto: Fernando Amorsolo

Istilong Ginamit sa Pagpinta: Backlight Technique

Carlos Francisco

Fernando Amorsolo

Vincent Manansala

Juan Luna

Benedicto Cabrera

1. Spoliarium

a. Pangalan ng Pintor:

b. Istitlong ginamit sa pagpinta:

2. Filipino Struggles Through History

a. Pangalan ng Pintor:

b. Istitlong ginamit sa pagpinta:

3. Planting Rice with Mayon Volcano

a. Pangalan ng Pintor:

b. Istitlong ginamit sa pagpinta:

4. Fish Vendor

a. Pangalan ng Pintor:

b. Istitlong ginamit sa pagpinta:

Aralin

1

Arts: Obrang Kakaiba, Di Ba?

Ang mga tanyag na pintor ay maaring may pagkakapareho sa tema ng kanilang mga ipininta subalit may makikita tayong kaibahan dito sa pamamagitan ng iba't ibang istilo.



Balikan

Panuto: Ayusin ang mga jumbled letters upang makabuo ng salita na angkop sa talata. Ilagay ang tamang sagot sa patlang sa ibaba.

Ang (TANIPGAP) 1. _____ ay isang uri ng sining kung saan pwede mong ipahayag ang iyong damdamin o saloobin sa pamamagitan ng pagpipinta ng mga bagay-bagay na naaayon sa iyong kagustuhan. Katulad ng mga istilong ginamit ng mga tanyag na (ROTNIP) 2. _____ dito sa ating bansa.

May mga paraan sa pagpapahayag ng mga masasama at masasayang pangyayari. Ginagamitan ito ng sariling (OLITSI) 3. _____ upang mas mapaganda at magkaroon ng sariling pagkakakilanlan ang iyong ipinintang larawan.



Tuklasin


Buoin ang crossword puzzle sa pamamagitan ng pagkilala sa pintor batay sa istilong ibinigay sa bawat bilang.

Pahalang

2. *Mural Painting*
3. *simplified geometric forms*
4. *backlighting technique*

Pababa

1. *Cubism*





Suriin

Ang ating bansa ay mayaman sa mga tanyag na manlilikha ng sining tulad ng pintor at iskultor na kilala sa buong mundo Tulad ng mga sumusunod:



Spoliarium ni Juan Luna

Si Juan Luna y Novicio ang nagpinta ng pamosong larawan na “Spoliarium” na tumutukoy sa mga pangyayari sa sinaunang Roma. Ang Spoliarium ay may sukat na 4 X 7 na metro ang laki at mga kulay na ginamit sa pagpinta ay itim, pula at brown kung saan lumilitaw na parang totoo o real ang mga tao na nasa ipinipintang larawan. Siya ay nakilala sa buong mundo sa pamamagitan ng kanyang pinsel gaya ng pagkakilala sa kanyang mga kaibigan na sina Jose Rizal at Andres Bonifacio sa pamamagitan ng pluma at espada.



Fernando Amorsolo

Bantog sa pagiging pambansang pintor si Fernando Amorsolo. Kilala siya sa lumikha ng hindi na mabilang na obra-maestra sa larangan ng pagpinta. Isinilang si Amorsolo sa Paco, Maynila noong Mayo 30, 1892. Mula pagkabata ay kinakitaan na si Fernando ng pagkahilig sa pagguhit ng kung anu-anong bagay. Gumamit pa siya ng paraang tinawag na likod-bigay-liwanag o “*backlighting technique*”, sa likuran ng tao inilalagay ang araw o ilaw sa isang parte ng larawan para magmukhang nababalot sa ginintuang liwanag ang mga tao sa obra.



Carlos "Botong" Francisco

Isinilang si Carlos "Botong" Francisco sa Angono, Rizal noong ika-4 ng Nobyembre 1913 at yumao noong 1969. Nagsimulang magtrabaho bilang *layout artist* at ilustrador sa *Philippine Herald* at *Manila Tribune*. Isa siya sa mga modernistang itinakdang kumbensiyon ng pagpipinta ni Amorsolo at nagpasok ng sariwang imahen, sagisag, at idyoma sa pagpipinta tulad ng paggawa ng isang *Mural Painting* na nagtampok sa mga pagdiriwang hanggang sa mga pangkaraniwang tanawin at gawain sa paligid.



Vicente S. Manansala

Si Vicente Manansala ay isinilang sa ika dalawampung-dalawa ng Enero 1910 sa lalawigan ng Pampanga. Siya ay isang alagad ng sining sa larangan ng pagpipinta at itinanghal na isa sa mga *National Artists* ng Pilipinas noong 1982. Nagsimula ang hilig niya sa paggawa ng *charcoal sketches* hanggang nabaling ang kanyang hilig sa *Cubism* - ang paglalarawan sa pamamagitan ng iba't ibang hugis ng *geometry* at *physics*, kaya ang larawan ay parang pinagkabit-kabit na mga kahon.



Manuel D. Baldemor

Isa sa mga naging matagumpay sa larangan ng pagpipinta si Manuel Baldemor na nagtapos ng kursong *Bachelor of Fine Arts in Painting* sa dating *College of Architecture and Fine Arts* noong 1968. Habang nag-aaral, nagtrabaho siya bilang tagaguhit at tagapinta ng mga billboard ng pelikula na noon ay gawa lamang sa kamay. Mula sa di-gaanong nakakariwasang pamilya, tubong-Paete Laguna, natuto rin siya sa sining ng paglililok at naging isang de-kalebring pintor ng Pilipinas. Siya ay gumagamit ng mga *simplified geometric forms* na may mga katangiang *Folk Arts*. Kilala din si Baldemor bilang iskultor, printmaker, manunulat at book illustrator.



Benedicto R. Cabrera

Si Benedicto Reyes Cabrera, na lumalagda sa kanyang mga pintang larawan bilang “BenCab”, ay isang Pambansang Artista ng Pilipinas para sa Sining Biswal na Pagpipinta, at itinuturing bilang mapangangatwiranang pinakamabentang pintor ng kanyang salinlahi ng mga Pilipinong artista ng sining. Siya ay tanyag sa Contemporary Philippine Art gamit ang oil and acrylic sa pagpinta. Isa sa kanyang tanyag na likha ay ang “Sabel” na isang *bag lady* o taong grasa. Mula sa isang larawan ng isang marungis na babaeng kinunan ng retrato mismo ng pintor noong dekada 1960, iniluwal ang hulagway na tinawag niyang Sabel.



Pagyamanin

GAWAIN 1

Gumamit ng linya upang maidugtong ang salita o mga salita na naglalarawan sa pagkakaiba-iba sa obra (Hanay A) sa mga tanyag na Pilipino Pintor (Hanay B).

Hanay A	Hanay B
1. Realism	Carlos Francisco
2. “Likod-Bigay-Liwanag”	Juan Luna
3. Cubism	Fernando Amorsolo
4. Mural Painting	Vincent Manansala
5. Contemporary Art	Benedicto Cabrera

GAWAIN 2

Magpili ng dalawang istilo sa paglikha ng sining biswal at ipakita sa pamamagitan ng paggawa ng *collage* ang pagkakaiba-iba nito. Pagkatapos mong nagawa ang collage, punan ang iskor kard sa ibaba sa pamamagitan ng paglagay ng tsek sa kolum para sa iyong sagot.

ISKOR KARD

	Oo	Hindi
1. Nasisiyahan ako sa paglikha ng collage.		
2. Naipahayag ko ang aking damdamin sa pamamagitan ng paglikha ng collage sa istilo na ginamit sa obra ng tanyag na Pilipinong Pintor.		
3. Naging inspirasyon ko ang mga likhang sining ng mga bantog na pintor		
4. Kinagigiliwan ko ang ipinahihiwatig ng aking likhang sining.		
5. Ipinauunawa ko sa iba ang paghanga ng mga likhang sining ng mga bantog na pintor.		

GAWAIN 3

Bilang isang mag-aaral, paano mo mapahahalagahan ang pagkakaiba-iba ng mga obra sa mga tanyag na Pilipinong Pintor?



Isaisip

A. Ang natutunan ko sa araling ito na ang bawat 1) _____ ay may sariling 2) _____ sa paglikha ng sining tulad ng mga sumusunod:

- 3) _____ ni Vicente Manansala
- 4) _____ ni Fernando Amorsolo
- 5) _____ ni Juan Luna
- 6) _____ ni BenCab

7) _____ ni Carlos Francisco

8) _____ ni Manuel Baldemor

B. Mahalaga ang pagkaiba-iba ng mga obra sa mga tanyag na Pilipinong Pintor upang

9) at 10) _____



Isagawa

1. Gumawa ng sariling painting na halintulad sa estilo ng mga tanyag na pintor.
2. Pumili ng sariling “subject” kung ito ba ay tungkol sa isang pangyayari ng iyong buhay o isang bagay na nagpapakita ng iyong emosyon
3. Suriin ang ginawang painting at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik.


Rubriks sa pagsusuri.

Pamantayan	(5)	(3)	(1)	Marka
Tamang paggawa ng obra	Sadyang tama o wasto ang paggawa ng disenyo ng obra	Malinaw na hindi gaanong tama ang disenyo ng obra	Halatang hindi tama ang disenyo na ginamit	
Wastong paggamit ng <i>technique</i> sa paggawa ng obra	Ang ginamit na <i>technique</i> ay wasto, malinaw at masining	Malinaw ang ginamit na <i>technique</i> pero hindi masyado masining	Hindi masining at malinaw ang <i>technique</i> na ginamit	
Kalabasan	Ang kalabasan ng obra ay may kaisahan at kaugnayan sa mga iba’t ibang istilo sa pagpinta ng mga tanyag na pintor sa Pilipinas	Karamihan sa nilalaman ay may kaugnayan sa tema	Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang ginuhit	




Tayahin

Gumamit ng linya upang maidugtong ang salita na naglalarawan ng obra ng mga tanyag na pintor.




Planting
Rice

Francisco




Spolarium

Amorsolo




Pounding
Rice

Baldemor



Harana

Luna



Still
Life

Manansala



Karagdagang Gawain

Panuto: Gamit ang iyong lapis at mga pangkulay, gumuhit ng isang obra mula sa mga nagugustuhan mo. Iguhit ito sa isang malinis na *bond paper* pagkatapos lagyan ng pamagat ang iyong likha. Pabigyan ng kaukulang puntos sa iyong mga magulang ang antas ng iyong naisagawa batay sa rubrik at pamantayan na nasa ibaba.

PAMANTAYAN	Napakahusay (3)	Mahusay (2)	Hindi gaanong mahusay (1)
1. Naisalarawan ko ba ang pagkakaiba-iba ng mga tanyag na Pilipino sa kanilang mga obra?			
2. Nakaguhit at nakapagpinta ba ako ng isang makasaysayang lugar na ginamitan			

ko ng sarili kong istilo?			
3. Nasiyahan ba ako sa aking istilo sa pagpipinta?			
4. Nabigyan ko ba ng halaga ang pagkakaiba-iba sa mga istilong ginamit ng mga tanyag na pintor dito sa ating bansa.			



Susi sa Pagwawasto

Subukin

- a) Juan Luna
b) paggamit ng mga madidilim na mga kulay at pagpinta na pagiging totoo
- a) Carlos Francisco
b) Mural Painting at paggamit ng kasaysayan sa pagpinta
- a) Fernando Amorsolo
b) backlighting technique
- a) Vicente Manansala
b) Cubism/pagkabitkabit ng iba't ibang hugis sa pagpinta

Balikan

Pagpinta
Pintor
Istilo

Tuklasin

Powerpoint presentation
Depended sa sagot ng mag-aaral

Gawain 1

Fernando Amorsolo
Fabian dela Rosa
Vicente Manansala
Carlos Francisco
Manuel Baldemor

Gawain 2

Depende sa sagot na nasa Iskor Card

Gawain 3

Depende sa sagot ng mag-aaral

Isaisip

- manhikha/pintor
- saring istilo
- cubism
- Backlight Technique
- paggamit ng madidilim na mga kulay
- Contemporary Art
- mural painting
- used of simplified geometric forms
- 9-10 upang magkakaroon ng saring pagkakilalan/ upang mapapahayag ang damdamin o saloobin

Isagawa

Sumanguni sa rubriks

Tayahin

- Fernando Amorsolo
- Juan Luna
- Vicente Manansala
- Carlos Francisco
- Manuel Baldemor

Karagdagang Gawain
(Performance based)

Sanggunian

"Juan Luna - Wikipedia". 2021. *En. Wikipedia.Org*.

https://en.wikipedia.org/wiki/Juan_Luna.

"Fernando Amorsolo - Wikipedia". 2021. *En. Wikipedia.Org*.

https://en.wikipedia.org/wiki/Fernando_Amorsolo.

"Fernando Amorsolo - Wikipedia". 2016. *En. Wikipedia.Org*.

https://en.wikipedia.org/wiki/Fernando_Amorsolo#/media/File:Fernando_Amorsolo.png.

Antonio Nava / Secretaria de Cultura. 2014. "Manuel Baldemor - Wikipedia".

En. Wikipedia.Org.

https://en.wikipedia.org/wiki/Manuel_Baldemor#/media/File:Manuel_Baldemor_en_Mexico.jpg.

Joey Razon for Philippine News Agency. 2018. "Benedicto Cabrera - Wikipedia".

En. Wikipedia.Org.

https://en.wikipedia.org/wiki/Benedicto_Cabrera#/media/File:BenCab2018.jpg.

Philippine Postal Corporation. 2010. "Vicente Manansala - Wikipedia".

En. Wikipedia.Org.

https://en.wikipedia.org/wiki/Vicente_Manansala#/media/File:Vicente_Manansala_2010_stampsheet_of_the_Philippines_2.jpg.

Philippine Postal Corporation. 2012. "Botong Francisco - Wikipedia".

En. Wikipedia.Org.

https://en.wikipedia.org/wiki/Botong_Francisco#/media/File:Botong_Francisco_2012_stamp_of_the_Philippines.jpg.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph